

PAGHAHAYAG NG LOKAL NA PANGKALUSUGANG EMERHENSIYA

Kung saan, ang monkeypox ay isang bihirang sakit na dulot ng impeksyon sa monkeypox virus. Kumakalat ito sa pamamagitan ng matagal na pagdidikit ng mga balat at kasama sa mga sintomas ng monkeypox ang pantal, lagnat, pananakit ng kalamnan, at mga sintomas sa respiratoryo. Bagama't nalulunasan ang karamihan sa mga kaso ng monkeypox sa loob ng ilang linggo, maaaring magdulot ang monkeypox ng malalalang sintomas, kabilang ang malubhang pananakit, pagkakaospital at, sa mga bihirang kaso, pagkamatay; at

Kung saan, noong Mayo 2022, napag-alamang may mga kaso ng monkeypox na natukoy sa maraming bansa kung saan ang unang kaso ng monkeypox sa United States (U.S.) ay kinumpirmang sa Massachusetts noong Mayo 20, 2022; at

Kung saan, noong Mayo 27, 2022, nakumpirma ang unang kaso ng monkeypox sa California; at

Kung saan, noong Hunyo 15, 2022, naiulat ang unang kaso ng monkeypox sa County ng San Diego; at

Kung saan, noong Hulyo 23, 2022, idineklara ng World Health Organization (WHO) ang pagkalat ng monkeypox sa maraming bansa bilang isang Emerhensiya sa Pamublikong Kalusugan bilang Pandaigdigang Alalahanin, na nasa pinakamataas na antas ng alerto; at

Kung saan, ang pandaigdigang paglaganap ng monkeypox ay mabilis na nagbabago araw-araw; at

Kung saan, hanggang Hulyo 29, 2022, sa buong mundo, mayroong higit sa 21,148 kasong nauugnay sa monkeypox at sa buong bansa, may 4,907 kumpirmado o posibleng kaso sa U.S., kabilang ang 799 kumpirmado o posibleng kaso sa California sa 27 lokal na hurisdiksyon sa pamublikong kalusugan; at

Kung saan, hanggang Hulyo 29, 2022, mayroong 27 kumpirmado at 19 posibleng kaso ng monkeypox sa County ng San Diego; at

Kung saan, noonog Agosto 1, 2022, nagproklama si Gobernador Newsom ng Emerhensiyang Estado sa California para tumugon sa monkeypox; at

Kung saan, mayroong limitadong supply ng JYNNEOS® na bakuna, na inaprubahan ng U.S. Food & Drug Administration para sa pagpigil sa smallpox at monkeypox na sakit; at

Kung saan, dahil sa limitadong supply ng bakuna, malaking populasyon at heograpikong lokasyon ng County ng San Diego, kasama ang pandaigdigang pagkalat ng monkeypox at mga kumpirmado at posibleng lokal na kaso, mayroong napipintong banta mula sa malakihang pagpasok ng monkeypox sa komunidad County ng San Diego.

Kung kaya ngayon, alinsunod sa seksyon 101080 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, idinedeklara ng Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Diego na:

- 1) Ang pagpasok ng monkeypox sa County ng San Diego ay isang banta sa kalusugan ng publiko, alinsunod sa kahulugan ng seksyon 101080 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.
- 2) Idineklara ang isang lokal na pangkalusugang emerhensiya sa County ng San Diego.

Mananatiling epektibo ang paghahayag na ito nang hindi lalampas sa pitong araw maliban kung baguhin ng Lupon ng Mga Namamahala ng County ng San Diego at ipagpatuloy ito nang mas matagal.

Petsa: Agosto 2, 2022



WILMA J. WOOTEN, M.D., M.P.H.

Opisyal sa Pamublikong Kalusugan
Direktor, Mga Serbisyo sa Pamublikong Kalusugan
County ng San Diego